Tulong ng WCOG

KAILANGAN NG TULONG?

May problema o katanungan tungkol sa mga usapin ng akseso?

Kontakin ang aming koponan ng tulong sa: wcoghelp@washingtoncog.org

FAQ ng Akseso

Mga Pampublikong Tala, mga Bukas na Pulong: Ang Iyong Karapatan ng Akseso

Ang Kapisanan ng Washington para sa Bukas na Gobyerno ay nakatanggap ng maraming mga paghiling ng tulong at impormasyon sa nakaraang ilang mga buwan. Narito ang ilan sa Madalas na Tinatanong na mga Katanungan at ang mga sagot.

Mayroong tanong na tungkol sa mga pampublikong tala at mga bukas na pulong? Ibigay ito sa info@washingtoncog.org at ang mga sagot ay lilitaw dito.

Q. Bakit ba kailangan ang mga gawa ng Pagpapahayag Pampubliko ng Washington at mga Bukas na Pulong?
A. Ang gawain ng gobyerno ay dapat malaman ng mga tao. Ang mga gawang ito ay tumitiyak na ang mga mamamayan ay may karapatang makita ang mga dokumentong pampubliko at dumalo sa mga pampublikong pulong.

Q. Kung mayroong mga pambatas na hindi pagsali, kailangan bang pigilan ng mga nananagot sa tala o mga pinuno ng mga komisyon ng konsehong pampubliko, mga komite at mga lupon ang pagpapalabas ng isang dokumento o sarhan sa publiko ang isang pulong?
A. Hindi. Ang mga hindi pagsali ay hindi sapilitan. Ang mga ito ay mahigpit na ipapakahulugan na pumapanig sa akseso ng mamamayan. Walang multa para sa pagpapalabas ng mga dokumentong pampubliko o pagbubukas ng mga pampublikong pulong na maaring pinigilan ng isang hindi pagsali. Subalit, mayroong mga batas na hindi kasama sa Gawa ng Pampublikong Pagpapahayag na tahasang nagbabawal sa pagpapahayag ng ilang mga tala. Ang mga ito ay karaniwang tumutukoy sa isang sadyang uri ng tala. Ang mga tala ng hukuman, halimbawa, ay pinipigilan ng mga patakaran ng hukuman at mga hukom na nakaupo sa mga hukuman.

Q. Maari bang magtatag ang isang lokal na gobyerno ng isang ordinansang nagbibilang ng mga atas na higit na mahigpit o mas maluwag kaysa doon sa mga itinatakda ng mga batas ng estado?
A. Ang mga lokal na ordinansang hindi akma sa pampublikong pagpapahayag ng estado at mga batas ng mga bukas na pulong ay walang saysay.

Q. Ano ang isang “pampublikong tala”? Ano ang bumubuo sa isang “pulong” ng isang ahensiyang pampubliko?
A. Ang isang tala ay inilalarawan sa maluluwag na pananalita ng mga dokumento at impormasyon na nasa pag-aari ng gobyerno. Ang diwa ng isang pampublikong tala ay sumasakop sa “lahat ng mga tala, dokumento, teyp, o ibang impormasyong itinago o pinanatili sa anumang kinalalagyan” – kabilang ang nasa isang kompyuter – “ng o pag-aari ng” isang ahensiya ng gobyerno. Ang isang ahensiya ng gobyerno ay ipinapalagay

na “nagpupulong” kapag ang karamihan ng kanyang mga miyembro ay nagsasalita tungkol sa o gumagawa ng aksiyon sa anumang usapin sa loob ng sakop ng mga tungkulin ng paggawa ng alituntunin ng kinatawan ng gobyerno. Ito rin, ay isang malawak na paglalarawan, kaugma sa pagbibigay-diin ng batas sa pagiging bukas. Maraming mga konseho ng lunsod, halimbawa, ay may mga komite kung aling mga pagmimiyembro ay bumubuo ng mas kaunti kaysa sa karamihan ng konseho. Subalit, ang mga pulong na ito ay mga bukas na pulong pampubliko, kahit na ang mga “pasiya” o “mga rekomendasyon” mula sa komite para sa buong konseho ay hindi pangwakas. Sa Washington, ang paraan ng pagmuni-muni ng gobyerno, sa lahat ng mga antas, ay pampubliko.

Q. May karapatan ba ang isang tao na magsalita sa isang pulong ng isang ahensiya ng gobyerno?
A. Wala. Ang mga lupon ng paaralan, mga konseho ng lunsod, atbp., ay madalas na nag-aanyaya ng mga kuro-kuro at usapan mula sa pangkalahatang publiko, subalit maari silang magsabi ng “Hindi” sa mga paghiling na magsalita at maaring maglagay ng mga takdang hangganan ng panahon sa mga kuro-kuro.

Q. Maari bang makakuha ang isang tao ng impormasyong pampubliko sa pamamagitan ng telepono o fax?
A. Ang batas ay hindi nagtatakda para sa naturang ganitong akseso, subalit ang mga ahensiya ng gobyerno ay madalas nagbibigay nito upang makatulong.

Q. Kailan maaring makita ng isang tao ang mga napag-usapan sa isang pampublikong pulong?
A. Pagkatapos na pagkatapos maihanda ang mga napag-usapan. Ang isang ahensiyang pampubliko ay hindi maaring tumanggi ng akseso sa mga napag-usapan dahil ang mga ito ay hindi natanggap o inaprubahan ng mga miyembro ng ahensiya.

Q. Ano ang halaga o magkano ang pagkuha ng isang kopya ng isang pampublikong tala?
A. Ang isang ahensiyang pampubliko ay maaring sumingil ng “isang makatuwirang halaga” para sa pagbibigay ng isang kopya ng tala. Magkakaiba ang mga halagang sinisingil. Kung minsan ay walang bayad ito. Dalawang patakarang isasaisip: (1) Kung ang bayad ay masyadong mataas at nagpapawalang-gana sa iyo sa pagkuha ng tala, malamang na ang bayad ay maaring hindi "makatuwiran." (2) Ang batas ng estado ay nagtatakda ng singil na 15 sentimos bawat pahina para sa mga kopya.

Q. Paano maaring ihabla ng isang tao ang isang ahensiyang pampubliko para sa paglabag ng mga batas na ito?
A. Mga puntos na dapat isaisip:

- 1. Ang layunin ay dapat upang matiyak ang akseso, hindi ang pagtatala at pagpanalo sa isang paglilitis. Makipag-usap sa mga taong kasangkot tungkol sa pagpapalagay ng pagiging bukas sa mga batas ng Washington. Subukang ayusin ang mga bagay-bagay na hindi darating sa paglilitis.
- 2. Makipag-usap sa abogado ng ahensiyang pampubliko upang matiyak kung ang ipinapalagay ng tagapayo na batas ay sinunod.
- 3. Isulat ang iyong mga ginawang pagpapagod upang makuha ang isang tala o dumalo sa isang pulong kung saan ang akseso ay ipinagkait.
- 4. Hanapin ang payo ng isang abogadong hindi kaugnay sa pampublikong ahensiyang kasangkot. Kadalasan ang isang abogado ay maaring makapagbigay ng kaunting payo sa iyo sa mas murang halaga o ng walang bayad.
- 5. Kung ikaw ay nagsampa ng isang demanda o naghabla at naging matagumpay, ang mga batas ay nagtatakda na ikaw ay maaring makakuha ng makatuwirang mga bayad ng abogado at sa ibang mga kaso ay makakakuha ng mga perang multa.